

Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Silangang Mindoro
BAYAN NG ROXAS

TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG IKA-25 REGULAR NA SESYON NG SANGGUNIANG BAYAN NG ROXAS, SILANGANG MINDORO NA GINANAP 14 HULYO 2003, IKA 9:10 NG UMAGA SA BULWAGANG PULUNGAN NG SANGGUNIAN.

Mga Dumalo:

Konsehal Eduardo K. Soriano
Konsehal Mae Arlene M. Talens
Konsehal Juan S. Advincula
Konsehal Jesus S. Dela Cruz
Konsehal Ramil O. Dimapilis
Konsehal Angeles D. Bautista
Konsehal Hernan C. Erorita
Konsehal Jovito D. Estrada

Presiding Officer Pro-Tempore

Absent:

Vice Mayor Cesar T. Baticos
Konsehal Gemar C. Montesa


Konsehal King Philip B. Dimapilis

- Tagapangulo
- Pangulo, Liga ng mga Barangay
OB Calapan City
- Pangulo, Pambayang Pederasyon
ng Sangguniang Kabataan

KAPASYAHAN BLG. 061
Taong 2003

KAPASYAHANG NAGPAPABOT NG TAUSPUSONG
PAKIKIRAMAY AT PAKIKIDALAMHATI SA MGA NAULILA NG
RETIRADONG PULIS NG TANGGAPAN NG PULISYA NG ROXAS,
SILANGANG MINDORO SPO4 DIEGO TIBIO FALCESO.

- SAPAGKA'T, si SPO4 Diego Tibio Falceso ay naglingkod bilang alagad ng batas sa loob ng dalawampu't walong (28) taon;
- SAPAGKA'T, ang paglilingkod niya bilang alagad na tagapagtaguyod ng kaayusan at kapayapaan ng bayan ay nagsimula noong Hunyo, 1971 bilang Patrolman, naging PFC siya noong Pebrero, 1988, SPO1 noong Enero, 1991 at SPO2 noong Nobyembre, 1992 hanggang Nobyembre, 1997;
- SAPAGKA'T, sa kanyang katapatan sa gawain, muli siyang nataas sa tungkulin bilang SPO3 taong 1998 hanggang Hulyo, 1999;
- SAPAGKA'T, sa kanyang pagreretiro Nobyembre, 1999 siya ay muling nataas sa posisyon bilang SPO4 sa edad na limampu't anim na taon;
- SAPAGKA'T, sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang alagad ng batas, ginawa niya ang mga nararapat ayon sa sinumpaang tungkulin para sa kagalingan ng mga mamamayan, partikular sa kaayusan at kapayapaan ng bayan;

SAPAGKA'T, ang kanyang pagpanaw ay isang malaking kalungkutan at kawalan sa naiwang pamilya at sa mga dating kasamahan sa tanggapang kinabibilangan;

SAPAGKA'T, ang Sangguniang Bayan ito at ang mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ng Roxas, Silangang Mindoro ay lubos na nakikiramay at nakikidalamhati sa pamilya at mga kaanak ng yumaong Diego T. Falceso.

DAHIL DITO, sa nagkakaisang mungkahi ng mga miyembro ng Sangguniang Bayan ito -

IPINASYA, tulad ng pagpapasyang ito na ipaabot sa mga naulila ng pumanaw na SPO4 Diego T. Falceso, retiradong pulis ng Tanggapan ng Pulisya ng Roxas, Silangang Mindoro ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati ng Sangguniang Bayan at ng mga namumuno at mga kawani ng Pamahalaang Bayan ito.

IPINASYA RIN na ipadala ang sipi ng kapasyahang ito kay Gng. Flo F. Falceso lakip ang tauspusong pakikiramay at pakikidalamhati.

Pinagtibay: 14 Hulyo 2003


PINATUTUNAYANG WASTO


VIOLETA P. FUENTES
Kalihim ng Sanggunian

PINATITIBAYAN:


EDUARDO K. SORIANO
Sangguniang Bayan Member/
Presiding Officer Pro-Tempore

PINACTIBAY:


JESUS M. DIMAPILIS
Punong Bayan